# BISITA

May bagong dating na bisita. Pero hindi ito tao. Hindi rin hayop. Ito ay isang bagong planetang napadpad sa kalawakan at ngayon ay papalapit na sa direksyon ng mundo.

Wala sanang pakialam si Magnus sa mga balita sa TV. Matagal na siyang walang pakialam sa mga kaganapan sa mundo. Binubuksan lang niya ang telebisyon para magkabuhay ang malungkot niyang bahay.

Pero masyadong inagaw ng balitang ito ang atensyon ng binata kaya napilitan siyang ihinto ang ipinipinta at ibinaling sa TV screen ang paningin.

Ayon sa balita, kamakailan lang nadiskubre ang bagong planetang nakapasok sa solar system. Wala pang nakakaalam kung kailan ito nabuo. Pero nakatitiyak ang mga eksperto na bagong silang pa lang ito sa kalawakan.

Bagaman medyo malayo pa ang kinaroroonan nito, papalapit daw sa direksyon ng Earth ang planeta. At hindi magtatagal, maaari nitong mabangga ang mundo.

Kung magpapatuloy ito, lahat ng buhay sa mundo at lahat ng mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ay tuluyang mawawala dahil walang laban ang Earth sa ganitong uri ng sakuna.

Imbes na mabahala, na-badtrip lang si Magnus sa balita. Kung kailan sineseryoso na niya ang pangarap na maging pintor, saka pa may mangyayaring ganito sa mundo.

Napilitan na siyang patayin ang TV pagkatapos ng balita. Pinagmasdan niya muli ang surreal painting na tinatrabaho sa kaharap na canvas.

Nawalan na tuloy siya ng ganang magpatuloy. Nabali na ang creativity na bumabalot sa kanya kanina. Kailangan munang ipahinga ni Magnus ang utak para manumbalik ang tawag ng imahinasyon niya.

Hindi siya makakalikha ng kahit anong

sining kung ganoong may bumabagabag sa isip niya.

Napilitan siyang magbanlaw ng katawan at mamasyal sa labas. Pero hanggang sa pag-uwi, ayaw pa ring umandar ng utak niya.

Nangalay na lang ang mga mata niya sa katititig sa larawan ay wala pa rin siyang naumpisahan.

Napilitan siyang ilabas ang kanyang telescope at magtungo sa likod-bahay. Parang nagkainteres tuloy siyang hanapin sa kalawakan ang bagong planetang sinasabi sa balita. Masyado nitong ginugulo ang kanyang isip. Pati sa mga social media platforms, ito ang palaging pinag-uusapan.

Inayos ni Magnus ang kanyang tent kung saan nakapuwesto ang *Sky-Watcher Skymax-180 Pro* niya na naka-connect sa kanyang monitor.

Nang mahanap ang tamang puwesto para makita ang kinaroroonan ng planeta, agad niyang ifinocus ang telescope doon at kinuhanan ito. Saka niya pinalinaw ang video sa software ng kanyang monitor hanggang sa makita niya nang detalyado at malapitan ang misteryosong planeta.

Pinagmasdan niya iyon nang mabuti. Saka niya naalala ang balita nitong nakaraan na nasa thirty-eight million miles pa daw ang

distansya nito sa mundo. Ngunit unti-unti iyong nababawasan habang papalapit ito.

Hindi niya maiwasang mangilabot at mamangha sa berde nitong kulay na binabalutan ng tila asul na mga ulap. May parang usok din na nahagip ang kanyang telescope na tila lumalabas sa atmosphere nito.

Di kalaunan, ang kanyang pagkamangha ay napalitan ng kaba.

Paano kung totoo ngang babangga sa Earth ang planetang ito sa susunod na mga buwan? Ano na lang ang mangyayari sa buhay nilang lahat? Paano na ang pangarap niya?

Hindi naman problema sa kanya kung kailan gustong kunin ng Diyos ang kanyang buhay. Pero huwag naman sana sa ganitong paraan. Ayaw niyang maabo nang buhay sa kalawakan kasama ang sariling mundo. Masyado naman yatang brutal iyon.

Ayon pa sa mga nakaraang balita, kasing-laki raw ng Neptune ang planetang ito. Dahil sa berde nitong kulay at mga asul na ulap, tinawag ito ng mga eksperto na ‘Mold Planet.’

May pagkakahawig kasi sa kulay ng amag ang kulay nito. Para itong nasirang planeta na ngayon ay inaamag at sinasalot ng bakterya. Lalo tuloy silang nahiwagaan kung ano kaya

ang hitsura ng loob ng planetang ito.

Ngunit ang labis na ikinababahala ng mga eksperto ay ang bumibilis na galaw nito. Maaari daw itong tumama sa mundo sa loob lamang ng isa hanggang dalawang buwan.

Sa takot ay inalis na ni Magnus ang mata sa eyepiece ng kanyang telescope. Naupo siya sa isang tabi at napaisip.

Saan nga ba nagmula ang planetang ito? At paano ito nabuo?

Hindi siya eksperto sa cosmology pero may kaunti siyang nalalaman tungkol dito dahil minsan na rin niyang nakahiligan ang pag-aaral tungkol sa kalawakan. Kaya nga siya may telescope ngayon.

Sa pagkakaalam kasi ni Magnus, kapag may planetang nabuo sa loob ng solar system, aabutin ito ng one hundred million years bago maging ganap na planeta.

Marami pa kasi itong pagdadaanang mga proseso na daan-daang taon ang aabutin. Magsisimula ito bilang gas cloud na unti-unting paiikutin ng gravitational pull ng araw hanggang sa mabuo ang mga dust at rocks dito.

At habang nabubuo ito, maaari rin itong magdala ng mga asteroids at space debris sa Earth at sa iba pang panig ng kalawakan.

Kapag masyadong malaki at malapit

ang distansya ng nabuong planeta sa Earth, malaki ang tyansa ng pagkasira ng mundo dahil sa mga delubyong dadalhin nito.

Kaya nga para sa kanya, hindi na puwedeng magkaroon ng bagong planeta sa solar system dahil masisira lang nito ang maayos na orbit at formation ng mga planeta kabilang na ang Earth.

Hindi tuloy siya nakatulog nang gabing iyon. Kaya kinabukasan, napilitan siyang mamasyal sa *National Museum* na nagsisilbi niyang libangan para makalikom ng mas maraming ideya at konsepto sa utak niya.

Binalikan ni Magnus ang ilan sa mga obra ng iniidolo niyang pintor na si Antonio Crisostomo. Ito ang inspirasyon niya sa mga artwork na ginagawa niya ngayon.

Kakaiba kasi ang tema ng mga paintings nito. Karamihan ay mga surreal images na may kakaibang mensahe na napakahirap i-decipher o bigyang-paliwanag.

Hanggang sa mapadpad siya sa gallery sa bandang dulo kung saan naka-display ang iba pang paintings na hindi pa niya napupuntahan.

Nagulat siya dahil halos lahat ng nandoon ay mga paintings din ni Antonio Crisostomo. Mas kakaiba at medyo nakakatakot ang mga artwork na naroon. Ngayon lang niya

nalaman na may ganito rin palang mga obra ang hinahangaang pintor.

Mayroong isang babae na mahaba ang leeg at halos magkabuhol-buhol na iyon sa ere habang nakalutang ang ulo nitong may karima-rimarim na anyo.

Mayroong halimaw na ang katawan ay tila galing sa pinagsama-sama at pinagdikit-dikit na mga katawan ng iba't ibang nilalang.

Mayroon ding dambuhalang makina na hugis ulo ng toro at may mga wire na nakakonekta rito patungo sa ulo ng isang taong may nakakakilabot na ekspresyon, na para bang may pinagdadaanan itong walang kapantay na hirap.

Ngunit ang pinakatumukso sa isip niya ay ang oil painting na nasa dulo. May imahe iyon ng isang planeta na kulay berde, may asul na mga ulap, may nakakatakot na mukha, at sa bandang bibig nito ay tila may sinusubo itong maliit na planeta.

Nag-iba ang titig ni Magnus sa artwork na iyon. Pumasok agad sa isip niya ang tungkol sa Mold Planet na isang malaking banta ngayon sa kanilang mundo. Agad niya iyong nilapitan at hinanap ang description ng painting.

Pero ang tanging nakalagay roon ay isa lang daw ito sa mga lumang obra ng pintor na

nakalkal lang sa kuwarto nito nang araw na matagpuan itong wala nang buhay.

Ang painting daw na ito ang nakitang nakapatong sa harap ng katawan nito at walang nakakaalam kung ano ang mensahe sa likod ng larawan.

Ginapangan ng kakaibang kilabot ang katawan ni Magnus. Napilitan siyang kuhanan ng litrato ang painting saka nilisan ang silid na iyon sa pinakamabilis na paraan.

Sinubukan niyang manaliksik sa internet pero wala siyang makitang impormasyon tungkol sa naturang painting.

Napilitan na siyang pumunta sa *National Library* at naghanap ng mga lumang libro tungkol sa kasaysayan ng buhay ni Antonio Crisostomo.

Nadiskubre niya ang isang libro na naglalaman umano ng mga sikreto ng pintor na nabunyag lamang pagkatapos ng kamatayan nito. Kabilang na ang mga unreleased artworks nito, mga diary, at mga kagamitan na kadalasang ginagamit sa itim na mga ritwal.

Kahit noong nabubuhay pa raw ito, madalas umanong banggitin ng lalaki sa mga panayam ang tungkol sa mga nalalaman nito sa itim na ritwal. Hindi nga lang gaanong sineryoso si Antonio ng mga nakarinig dahil

sa pag-aakalang nagbibiro lang ito.

Pero nang pumanaw ang pintor, nadiskubre sa loob mismo ng silid nito ang mga aklat at iba pang kagamitan na ginagamit nga sa paggawa ng itim na mga ritwal.

Noon pa man ay kilala na raw si Antonio Crisostomo sa pagiging weirdo mag-isip at magsalita. Kaya siguro ganoon na lang ito kahusay lumikha ng mga weirdo at nakakatakot na obra.

Sa halos sampung taon na pag-idolo ni Magnus sa pintor na ito, ngayon lang niya natuklasan ang tungkol sa bahaging iyon ng talambuhay nito.

Hindi pa niya narinig na pinag-usapan sa panahon ngayon ang tungkol sa itim na mga ritwal na ginagawa umano nito sa hindi malinaw na dahilan. Kahit ang libro ay walang sinabing paliwanag kung saan ginagamit ng pintor ang mga ritwal.

Ayon pa rito, malaki raw ang galit ni Antonio Crisostomo sa mundo dahil sa pagkamatay ng kaisa-isang tao na minahal nito. Ngunit ang mas ikinagulat niya ay hindi iyon babae kundi kapwa nito lalaki.

Gay daw ang naturang pintor na hindi lubos matanggap ng sariling magulang kaya pinalayas ito. Patuloy namang naging masaya ang pintor sa piling ng irog nito. Halos

itinuring nitong mundo ang lalaking iyon.

Kaya naman nang mawala ang lalaking iyon dahil sa isang sakit, parang nawasak din ang mundo ni Antonio. Dala ng matinding galit at emosyon, napilitan siyang baguhin ang istilo ng mga obra.

Ang dating mga surreal paintings na ginagawa nito ay napalitan ng mga tema at naging kababalaghan gaya ng mga anyo ng halimaw, demonyo, viruses, weird creatures, at iba pang nilalang na hindi kaaya-aya sa paningin.

Binuhos nito sa mga obrang iyon ang nalalabing mga panahon sa mundo. Nagkasakit na nga ito dahil hindi na kumakain at natutulog. Wala itong ibang ginawa kundi lumikha nang lumikha ng mga nakakatakot na obra.

Lahat ng kasuklam-suklam na hindi magugustuhan ng tao ay iginuhit ni Antonio. Kabilang na roon ang painting nito tungkol sa halimaw na planeta na may nakakatakot na mukha.

Pagkatapos magbasa ay muling pinagmasdan ni Magnus sa cellphone ang nakuhang larawan sa museum. Hindi siya maaaring linlangin ng pakiramdam. Ito nga ang Mold Planet na nasa solar system ngayon gaya ng nakasaad sa mga nakuhang

detalye. Ito ang planetang unti-unting nabuo pagkatapos ng kamatayan ni Antonio Crisostomo.

Ngayon ay tila malinaw na sa kanya ang lahat. Dahil sa labis na galit ng pintor sa mundo, maaaring ginawa nito ang obrang iyon para rito ibuhos ang nagbabagang emosyon na umaalipin sa buong pagkatao at kaluluwa nito.

Ang matinding galit at kalungkutan na sa sobrang bigat ay naging literal na mundo na rin at tahimik na nabuo sa paglipas ng panahon mula nang mamatay ang pintor.

Taong 1898 namatay si Antonio Crisostomo. Maaaring doon din nagsimula ang pagkabuo ng planetang ito nang hindi nalalaman ng marami.

Ang isa pang gumugulo ngayon sa isip ni Magnus, ano kaya ang puwede niyang gawin para pigilan ang nalalapit na pagbangga ng planetang ito sa mundo? Paano kaya niya maililigtas ang daigdig sa paparating na pagkawasak?

Dahil sa mga natuklasan, parang nagbago na ang tingin niya kay Antonio Crisostomo. Hindi siya makapaniwala na ang taong naging inspirasyon niya sa pagpipinta ay naging kampon pa ng dilim nang dahil lang sa ipinagbabawal na pag-ibig.

Napilitan uli siyang silipin sa kanyang telescope ang naturang planeta nang gabing iyon. Halos lumuwa ang mga mata niya sa lumitaw sa monitor matapos i-enhance sa software ang nakuhang larawan:

Ang berdeng planeta ay mayroon nang mukha! Isang pares ng nagngangalit na mga mata, isang napakalaking bibig na punung-puno ng mga pangil at mga usok na nanggagaling mula sa loob nito!

Isa iyong mukha na kahit sa imahinasyon ay hindi niya gugustuhing makita. Sa sobrang takot ay napatakbo siya papasok ng bahay at iniwan na ang telescope sa labas.

Binuhay niya ang lahat ng ilaw para hindi tuksuhin ng dilim ang utak niya. Binuksan din niya ang TV at nilakasan ang volume para umingay sa bahay.

Sa isang midnight news, isang bagong update ang nabanggit ukol sa Mold Planet. Inilabas iyon ng mga eksperto. Mas lalo pa raw bumilis ang galaw ng planeta at baka hindi na umabot ng isang buwan ang pagbangga nito sa mundo!

Nagsimula nang mabahala ang lahat ng tao mula sa iba't ibang panig ng mundo. Halos lahat din ng simbahan ay bumuo na ng mga misa at taimtim na nagdasal para subukang pigilan ang pagdating ng malawakang

delubyo.

Maging ang mga eksperto ay wala nang nakikitang paraan para maisalba pa ang mundo sa panganib na dala-dala ng paparating na planeta.

Parang si Magnus naman ang mababaliw ngayon. Hindi siya pinatulog ng balitang iyon sa buong gabi. Palagi siyang nakabantay sa langit kung lilitaw na ba roon ang mukha ng Mold Planet. Natatakot talaga siyang mamatay kung ang magiging sanhi ng kamatayan niya ay ang paggunaw ng mundo.

Dahil sa labis na takot at emosyon, napilitan siyang balikan kinabukasan ang painting na iyon ni Antonio Crisostomo sa *National Museum*. Binigyan niya ng matalim na titig ang larawan ng halimaw na planeta.

“Hindi mo puwedeng wasakin ang mundo! Ako ang wawasak sa ’yo!”

Gulat na gulat ang mga tao sa paligid nang makita ang ginawa niya sa painting. Binato niya ito ng sapatos hanggang sa magkaroon iyon ng kaunting pinsala. Hindi pa siya nakuntento at sinipa-sipa niya iyon hanggang sa mahulog mula sa kinalalagyan.

Sinuntok-suntok ni Magnus ang canvas, tinapak-tapakan at pinagbabato ng mga bagay na nahagip ng dalawang kamay niya.

Bago pa siya naawat ay tuluyan na niyang

nawasak ang painting. Sinigurado niyang pati mukha ng planeta ay wasak na wasak din. Pagkatapos masira ang obra, wala sa loob na nailipat niya ang galit sa mga guwardyang umaawat sa kanya.

Ang isa ay nasugatan niya sa mata. Ang isa naman ay inagawan niya ng baril. Tila nawala siya sa katinuan dahil sa matinding takot at galit na sumabog sa kanyang sistema. Dahil dito, napilitan ang management na dalhin siya sa pinakamalapit na istasyon ng pulis.

Hanggang sa mga araw na lumipas ay walang nagbago sa kilos ni Magnus. Mas lalo pa siyang naging agresibo habang nasa loob ng presinto. Kaya nga hiniwalay na siya sa mga kapwa preso at binigyan ng sariling kulungan.

"Pakawalan n'yo 'ko! Hindi n'yo 'ko naiintindihan! Ginawa ko lang 'yon para mailigtas kayong lahat! Balang araw pasasalamatan n'yo rin ako sa ginawa ko!"

Nang sumunod na araw ay dinala na si Magnus sa pinakamalapit na mental hospital para masuri ang kanyang kalagayan. Mas lalo pa kasi siyang lumala. Nahigitan na niya ang kilos ng isang taong sinasapian.

Dahil dito, hindi na niya nalaman ang tungkol sa bagong balita na inilabas. Kataka-takang naglaho na raw ang berdeng planeta

sa kalawakan. Kahit saan maghanap ang mga eksperto ay hindi na nila ito mahagilap. Sa isang iglap ay tila nabura ang Mold Planet sa existence at walang iniwang bakas.

Habang nagdiriwang ang mga tao sa iba't ibang panig ng mundo, patuloy pa ring sinasaktan ni Magnus ang sarili sa loob ng kanyang silid. Kinagat-kagat niya ang daliri hanggang sa dumugo iyon.

Habang malakas pa ang tagas ng dugo, wala sa loob na gumuhit siya ng larawan sa napakaputing pader. Larawan ng isang dragon na may napakalaking bibig at mga galamay na gaya ng sa pugita. At sa bandang harapan nito, may tila isang planeta na binabalak nitong isubo nang buhay!

# ANG LEEG NI ASUKA

Pagkatapos magtapis ng tuwalya, lumabas ng cubicle si Evander at dumerecho sa lababo na malapit sa pinto at doon nagsipilyo.

Ilang sandali ay nagbukas ang cubicle sa likuran niya. Isang beki ang lumabas doon na nakatapis din ng tuwalya. Kitang-kita pa niya kung paano ito pasimpleng tumingin sa kanyang katawan habang naglalakad palabas. Nagpatay-malisya na lang siya at hindi na iyon pinalaki pa.

Pagkababa naman ni Evander sa ikalawang palapag kung saan naroon ang kanyang silid, isang babaeng nakabalot ng

tuwalya ang buhok ang nasalubong niya at ngumiti pa ito sa kanya.

Sa unang tingin, halatang hindi ito Filipino. Sa tingin niya ay Haponesa ito. Nabanggit na kasi sa kanya ng building manager na marami raw mga negosyanteng Hapon na nangungupahan dito. Baka kabilang ito sa mga iyon.

Tinanguan na lang niya ito bilang pagtugon at dali-daling binuksan ng susi ang silid niya.

Medyo naninibago man sa sistema ng apartment building na iyon, nagugustuhan naman niya ang experience so far.

Kahit magkaka-share sila sa banyo at kusina, maganda naman ang vibes ng buong gusali at tahimik din ang mga kapitbahay, kaya sa tingin niya ay makakatulog siya nang maayos dito.

Nakailang lipat na si Evander ng bahay dahil palaging maingay sa mga dating apartment na natirhan niya. Isa siyang call center agent na naka-assign sa morning shift kaya mahalaga sa kanya ang tahimik na gabi upang makatulog nang maayos.

“Bago ka lang ba rito?” tanong sa kanya ng lalaking nakatabi niya sa pagluluto sa loob

ng kitchen area.

Agad niya itong nilingon. “Ah, oo.”

Sa tantiya niya ay magkasing-edad lang sila. May hitsura din ito at tulad niya ay maganda rin ang hubog ng katawan.

“Ingat ka na lang dito, ah. Lalo na pag umaakyat ka sa ’taas.”

Naintriga si Evander sa babala nito. “Bakit naman?”

“Marami kasing bastos na bakla doon, eh. Ang dami nang nasilipan d’yan sa CR natin sa fourth floor. Kaya ’pag maliligo ka, lagi mong takpan ng tuwalya ’yung pinto mo. Kahit frosted glass ’yon, halata ka pa rin sa labas. Tapos, huwag ka ring aakyat doon nang nakatapis lang ng tuwalya. Baka kuhanan ka nila ng video gaya ng ginawa nila sa ’kin. Tapos, pagpipiyestahan nila ’yun sa mga group chat nila.”

“Ah, kaya pala. Salamat sa paalala, ah,” nasambit na lang ni Evander.

May punto ito. Sa unang araw pa lang kasi niya sa apartment na ito, naranasan na agad niyang matitigan ng beki habang nagsisipilyo sa lababo nang nakatapis lang ng tuwalya.

“Hindi mo ba sinubukang i-report kay Ma’am Lucine ’yung mga ’yon?” tanong niya rito, tinutukoy ang manager ng building.

“Sinumbong ko na nga sila, eh. Kaya

nga nabawasan na sila d'yan. 'Yung iba, pinaalis na. Pero hindi pa rin sila nauubos kaya konting ingat na lang. Baka ikaw na ang susunod nilang pagpiyestahan d'yan."

"Naku, subukan lang nila at baka pagbuhul-buhulin ko'ng mga leeg nila," natatawa niyang sagot dito na sinakyan din ng lalaki.

"Ako nga pala si Jiro," anito.

Tumango siya at binanggit din ang sariling pangalan.

Isang araw, muli siyang umakyat sa fourth floor para maligo. Sinunod niya ang sinabi sa kanya ni Jiro. Hindi na siya nagtapis ng tuwalya habang paakyat doon.

Ngunit kung kailan malapit na si Evander, doon niya narinig ang boses ng mga baklang nagtatawanan sa lobby area. Sa lakas ng mga boses ng mga ito, daig pa ang nag-aaway.

"P*cha grabe! Kitang-kita ko talaga, promise! Ang hot n'ung bagong lipat doon sa second floor! May bago na naman tayong pantasya, mga accla! Jusko!"

Ang bilis umatras ng mga paa ni Evander. Hindi na siya tumuloy dahil baka lalo lang magkagulo ang mga ito. Mukhang siya kasi ang pinag-uusapan doon.

Tama nga ang sinabi ni Jiro sa kanya; marami ngang mga manyak na bading dito

sa fourth floor. Buti na lang at hindi siya rito nakakuha ng kuwarto.

Nang makabalik siya sa ikalawang palapag, nakasalubong niya uli ang babaeng Haponesa na nasa katabing kuwarto lang pala niya. May bitbit itong isang balde ng mga labahan. Marahil ay maglalaba ito sa laundry area nila sa fifth floor.

Ngumiti muli ito sa kanya nang magtagpo ang mga mata nila. Napilitan na lang din siyang ngumiti para hindi isipin ng babae na masungit siya.

Alas nueve pa lang ng gabi ay nahiga na si Evander dahil maaga pa uli ang pasok niya kinabukasan. Ang mahimbing niyang tulog ay pinutol ng napakatapang na amoy ng kung anong klase ng langis. Sa sobrang tapang niyon ay nagawa siya nitong gisingin.

Pagdilat niya, hinanap agad niya ang pinanggagalingan ng amoy. Pagtama ng paningin niya sa bintana, halos mapalundag siya sa gulat nang makita ang tila nakalutang na ulong nakasilip doon!

Agad din itong lumipad palayo at nawala sa paningin niya. Napaatras si Evander sa kinahihigaan. Sa sobrang takot ay napanghinaan na siya ng loob na sumilip

sa bintana kahit umaapaw ang kuryosidad niyang malaman kung ano iyon.

Unti-unti ring nawala ang kakaibang amoy ng langis. Doon siya bumangon at walang ibang nagawa kundi ang tumitig sa bintana at makiramdam sa paligid.

Pilit niyang inalala kung ano ang nakita niya kanina. Bagaman hindi niya maaninag ang mukha nito dahil sa dilim, batid niyang hindi iyon basta lumilipad na ulo lang. Nakita rin kasi niya ang tila mahaba nitong leeg na parang tumitibok-tibok pa.

Kung anuman iyon, alam niyang hindi iyon isang panaginip. Gising na gising siya ngayon at malinaw na malinaw sa kanyang diwa ang nakita niya.

Tinanong niya iyon kay Jiro kinaumagahan nang matiyempuhan niya itong nagsisipilyo sa lababo at bagong ligo pa lang. Siya naman ay maliligo pa lang nang mga oras na iyon.

"Alam mo, ganyan na ganyan din ang nakita ng mga kasama ko dati sa second floor, eh. Kaya nga sila nagsialisan. Bukod kasi sa pamboboso ng mga bakla sa taas, nakakakita rin daw sila ng lumulutang na ulo sa gabi. Sumisilip daw sa mga bintana nila."

Hindi maiwasang kilabutan ni Evander sa narinig. Hindi lang pala sa kanya nangyari iyon. "Eh, ikaw? Ba't hindi mo naisipang

umalis dito? Hindi ka ba natatakot?"

Natawa lang ang lalaki. "Hindi naman kasi ako mapaniwalain sa mga ganyan. Sinasakyan ko lang sila. 'Yung mga baklang namboboso lang ang pinapaniwalaan ko. 'To see is to believe' kasi akong tao, eh."

"Pero matagal-tagal ka na rin naman dito, di ba? Wala ka bang nararamdamang kakaiba?"

"Wala naman. S'abi kasi ng mga kasama ko dati rito, tuwing gabi lang daw nagpapakita sa kanila 'yung lumulutang na ulo. Eh, night shift pa naman ako mula nang lumipat ako rito. Kaya hindi ko pa naaabutan 'yun."

Hindi talaga maalis sa isip ni Evander ang nangyari nang nakaraang gabi. Hanggang sa trabaho ay dala-dala niya ang takot at pangamba na baka makaengkuwentro uli niya ang nilalang na iyon pagsapit ng gabi.

Binigyan siya ng option ng utak niya para umalis. Pero hindi niya iyon sinunod dahil naalala niya ang lahat ng pagod at gastos niya para lang makahanap ng bagong malilipatan.

Isang malaking hassle sa kanya kung aalis na naman siya, kaya imbes na magpadala sa takot, nais niyang tuklasin kung ano ang misteryong ito at susubukan niya iyong lutasin sa abot ng kanyang makakaya.

Kaya naman sa kanyang pag-uwi,

pinaghandaan ni Evander ang nilalang na ito. Nag-set up siya ng hidden camera malapit sa pinto at nakatapat iyon sa bintana. Sinubukan din niyang magbudbod ng bawang at asin sa harap ng kanyang bintana.

Wala siyang ibang ginawa kundi ang makiramdam. Ayaw siyang patulugin ng kanyang takot. Hindi siya makakatulog hangga't hindi nalalaman kung ano talaga ang nakita niya.

Hanggang sa bigla uli siyang makaamoy ng napakatapang na langis. Muling dumagundong ang dibdib niya.

Dahil natatakpan ng kumot ang kanyang mukha, naglakas-loob si Evander na lumingon sa bintana. Muli niyang naaninag ang paglitaw ng lumulutang na ulo. Kahit hindi niya nakikita ang mukha nito, alam niyang nakatitig ito sa kanya.

Nagpalipas lang siya ng ilang segundo. Saka siya biglang gumalaw at tinanggal ang kumot sa katawan. Nakita niya kung gaano kabilis lumipad ang ulo.

Pagkatanggal niya sa kumot, tuluyan na nga itong nawala sa bintana. Doon na siya tumayo sa kama at in-on ang ilaw.

Kinuha niya ang hidden camera mula sa pader at kinonekta iyon sa laptop niya. Kahit natatakot ay pilit niyang ipinause ang video sa

bahagi kung saan malinaw ang pagkakasilip ng ulo sa bintana.

Gamit ang video editing software, zinoom niya iyon at nilagyan ng mga enhancement para luminaw.

Doon niya nakita ang hitsura ng nilalang.

Medyo singkit ang mga mata nito, maputi ang mukha, itim ang mga labi, at mamula-mula ang mga mata. Ang buhok nito ay nakaayos gaya ng sa traditional na hairstyle ng mga babaeng Haponesa kung saan nakaangat at nakapakurba ang pagkakatali sa buhok.

Nangilabot si Evander nang unti-unting mamukhaan kung sino iyon. Kahawig nito iyong babaeng Haponesa na nasa katabi niya lang na kuwarto!

Iyon mismo ang babaeng nakakasalubong niya sa pasilyo at laging ngumingiti sa kanya. Ni minsan ay hindi pa niya ito narinig na nagsalita.

Sinubukan niya itong itanong kay Jiro kinabukasan. Maging ang lalaki ay walang masyadong alam tungkol sa babae maliban sa pagiging tahimik nito, at sa pangalan nitong Asuka Hayashi.

“Sa lahat ng nandito, ’yun ang pinakatahimik. Matagal na rin daw ’yun dito pero hindi ko pa siya nakitang nakikipag-usap

sa iba. Medyo nawiwirduhan nga ako d'yan, eh, lalo na 'pag ngumingiti sa 'kin. Parang katulad siya n'ung mga Japanese porn star na pinapanood ko dati."

Doon lalong tumindi ang hinala ni Evander sa pagkatao ng babaeng iyon.

Pagsapit ng gabi ay bumuo muli siya ng panibagong plano.

Nagkunwari siyang mahimbing na natutulog at inabangan ang pagdating ng nilalang. Hindi nga nagtagal, naamoy uli niya ang napakatapang na amoy ng kung anong langis. Kasunod niyon ang pagdungaw ng lumulutang na ulo sa nakabukas na bintana niya.

Wala siyang ginawang kahit ano. Nagtulug-tulugan lang siya hanggang sa maaninag niya ang pagpasok ng ulo sa bintana at kumilos ito patungo sa mga paa niya. Dinig pa niya ang tila pagngasab nito na parang hayop.

Doon niya isinagawa ang plano. Mabilis niyang sinipa ang bintana hanggang sa maipit ang leeg nito roon. Nagsisigaw ang nilalang at nagwala.

Agad niyang tinanggal ang kumot sa katawan at sinubukan itong bihagin. Ngunit mabilis din nitong nabuksan ang bintana at dali-daling lumabas. Hindi na naman niya ito naabutan.

Doon na siya lumabas at tinungo ang katabing kuwarto kung nasaan ang babaeng pinaghihinalaan niya. May hawak siyang patalim. Buong lakas niyang itinulak ang pinto gamit ang kanyang braso.

Ganoon na lamang ang pagkasindak ni Evander nang masilayan ang napakahahabang leeg ng babae habang lumulutang sa ere ang ulo nito.

Tumalim ang mga mata nito nang makita siya. Ang katawan nito ay naka-Indian sit sa bandang dulo ng kuwarto at hindi gumagalaw. Nakasuot pa ito ng pulang kimono.

Lingid sa kanyang kaalaman, isang rokurokubi ang nasa harapan niya ngayon. Nagmula ito sa bansang Japan at kabilang sa mga kinatatakutang nilalang doon.

Mga normal na tao lang sila sa umaga, pero pagsapit ng gabi, humahaba ang kanilang mga leeg at nagkakaroon ng matinding pagkahayok sa dugo. Katumbas sila ng manananggal sa Pilipinas.

Nanlambot ang buong katawan ni Evander nang masilayan ang patuloy na paghaba ng leeg ng rokurokubi. Humaba pa ito nang humaba hanggang sa halos magkabuhul-buhol na habang nakapulupot sa ere.

Tila sinasadya ng nilalang na balutin siya sa takot upang mapanghinaan ng loob na

lumaban. Pero hindi siya nagpadala sa takot. Bago pa ito makabuo ng kahit anong aksyon, iwinasiwas na niya sa nakalutang nitong leeg ang hawak na patalim.

Tinadtad niya iyon ng laslas at saksak. Umatungal ang nilalang at sumugod ang ulo nito sa kanya. Nagawa rin niyang sugatan ang mukha nito kaya muli itong umatras at nagpalutang-lutang na lang sa ere.

Noon lang naisipang sumuko ni Evander. Hindi na niya isusugal ang buhay rito. Ibinato niya sa kinaroroonan ng katawan nito ang hawak na patalim. Nakita pa niyang tumama iyon sa bandang kamay ng babae. Saka niya nilisan ang silid sa pinakamabilis na paraan at derechong lumabas ng building.

Napilitan siyang bumiyahe sa dis-oras ng gabi para makitulog sa bahay ng kaibigan sa Recto. Hindi na niya kayang magpalipas ng gabi sa sariling kuwarto hangga’t alam niyang buhay pa ang halimaw roon.

Pagbalik ni Evander kinabukasan, bahagya siyang nagulat sa balita tungkol sa pagkamatay ng kapitbahay niyang si Asuka Hayashi. Ayon sa mga narinig niya sa paligid, tila nagpakamatay raw ito dahil sa mga laslas nito sa leeg pati sa nakitang patalim na nakatarak sa bandang pulso nito.

Walang nakakaalam kung ano ang

pinagdadaanan ng babae at bakit nagawa nitong magpatiwakal sa ganoong paraan. Tanging si Evander lang ang may alam sa tunay na nangyari.

Nangingilabot man sa ginawa, hindi naman niya pinagsisihan iyon. Ang mahalaga, ganap na siyang matatahimik at hindi na niya kailangang lumipat ng matitirhan. Napakahirap pa namang maghanap ng bagong malilipatan ngayon at napakagastos pa.

Payapa siyang natulog nang gabing iyon. Ngunit bigla siyang naalimpungatan nang makarinig ng malulutong na ungol.

Pagdilat ni Evander, isang lumulutang na ulo ang nakita niyang nakapasok sa kanyang kuwarto! Nakalawit pa sa putol nitong leeg ang mga lamang-loob nito!

Unti-unting namilog ang kanyang mga mata nang mapagtanto kung kaninong ulo iyon: ulo mismo ni Jiro!

Wala siyang kaalam-alam sa tunay na relasyon ng dalawa. Naroon pala ang lalaki para gantihan siya sa ginawa niya sa nobya nito. Huli na para magsisi sa hindi niya pag-alis agad sa apartment.

Kung si Asuka ay isang rokurokubi, si Jiro naman ay isang nukekubi. Noon pa man ay modus na ng dalawa ang manakot sa bawat

lugar na kanilang tinitirhan.

Kung ang rokurokubi ay humahaba ang leeg, ang nukekubi naman ay humihiwalay ang ulo sa katawan at lumilipad sa gabi. Mas mabangis ito at mas matindi ang pagkauhaw sa dugo!

Hindi na hinayaan ng nukekubi na makasigaw pa si Evander. Naging malagim at marahas ang sumunod na mga eksena!

Pumasok sa bukas na bintana ang lumilipad na ulo at nakita nito ang sariling katawan na nakasandal lang sa tabi.

Sa sobrang dami ng bitbit sa bibig ay kusa nang nahulog ang mga iyon. Gumulong sa lupa ang sariwang utak at dalawang eyeballs na galing sa huling biktima nito.

Lumapit naman ang ulo sa sariling leeg at unti-unting nagdugtong ang mga iyon. Hanggang sa muling nagbukas ang mga mata ni Jiro, at punong-puno ng paghihinagpis ang mga matang iyon.

# BLACK STOMACH

Nanginginig ang mga kamay ni Levi habang gumagapang palabas ng pinto. Wala na ang dalawang mata niya. Nagmistulang luha na rin ang sariwang dugo na tumutulo mula sa sisidlan ng mga iyon.

Tadtad ng malalalim na kalmot ang bawat sulok ng balat niya habang nakalawit na ang kaliwa niyang tainga at malapit nang maputol.

Kahit ganap nang nagdilim ang kanyang paningin, naaaninag pa rin niya sa natitirang pandinig ang ngumangasab na boses ng nilalang na gumawa nito sa kanya.

Pinilit niyang makagapang pababa ng hagdan kahit alam niyang wala na siyang

pag-asa na makalabas doon nang buhay.

Ngunit muli siyang napasigaw nang maramdaman ang pagbaon ng matutulis na kuko sa kanyang balat habang ito ay gumagapang paakyat sa kanyang katawan.

Doon pinakawalan ni Levi ang pinakamalakas niyang sigaw. At iyon na rin ang pinakahuli. Sa huling gapang niya, winasak ng nilalang ang likod ng kanyang ulo at inilusot doon ang mga kamay.

Lumabas ang mga ito sa dalawang sisidlan ng mga mata niya at patuloy na sinira ang mga iyon hanggang sa hindi na makilala ang kanyang mukha.

Natigilan lang sa paglalakbay ang isip ni Valerie nang marinig ang boses ni Julius. “Hey, what happened?”

Agad siyang nagtuon ng tingin dito at nginitian ang lalaki. “Ah, w-wala. Naka-order ka na ba?”

“Kaya nga tinatanong kita kung ano ang gusto mo, eh.” Saka nito inilapag ang menu sa harap niya.

“Ah, sorry!”

Kanina pa wala sa sarili si Valerie. Hindi talaga mawala sa isip niya ang nangyari

sa huling nobyo. Mag-iisang buwan na mula nang masawi ito sa isang malagim na insidente. Hanggang ngayon, nangingilabot pa rin siya tuwing maaalala ang hitsura ng bangkay nito.

Ewan ba niya kung bakit ganito katindi ang epekto niyon sa kanya. Kahit umaga at maliwanag ang paligid ay hindi humuhupa ang kilabot niya. Sinusubukan na lang niyang sakyan ang mga nangyayari sa paligid para may mapagbalingan lang ng atensyon.

"Nabusog ka ba, Val?" tanong sa kanya ni Julius habang umaakyat sila patungo sa office.

"Ah, oo naman. Salamat."

"Are you okay now?"

"Siyempre naman. Huwag mo na akong alalahanin. Okay lang talaga ako." Pinilit niyang ngumiti para tigilan na siya ng lalaki.

Nitong mga huling linggo, napapansin niya ang madalas na paglapit sa kanya ni Julius. Parang lalo pa itong naging mabait sa kanya. Hindi naman ito ganoon dati.

Pantay-pantay ang turing nito sa lahat ng katrabaho; bawat isa ay kinakausap at kinukulit nito. Pero ngayon, siya na ang madalas nitong nilalapitan at niyayayang kumain sa labas. Madalas na rin itong

sumabay sa kanya sa pag-uwi.

Hindi alam ni Valerie kung sinasadya ba ito ng kapalaran niya. Mula nang mawalan siya ng nobyo, isang panibagong lalaki naman ngayon ang nagbibigay ng atensyon sa kanya.

Dahil nga rin kay Julius ay nakakapasok pa siya sa trabaho kahit gulung-gulo pa ang utak niya sa mga nangyari noong nakaraang buwan.

Kinabukasan nga, kahit wala silang pasok, panay pa rin ang chat ng binata sa kanya. Nangungumusta sa kung ano ang ginagawa niya, kung kumain na ba siya, at kung nangangailangan daw ba siya ng kausap.

Pansin din kasi nito ang labis na pananamlay niya. Matagal na siyang may social anxiety na dahilan ng labis niyang pananahimik sa loob ng opisina, kaya nga halos wala siyang kaibigan doon. Pero lalo pang lumala ito ngayon dahil sa nangyari sa dating nobyo.

Kaya nga hindi siya makapaniwala na may isang tao pa sa opisina nila na magkakaroon ng concern sa kanya. Kahit hindi pa handa ang sugatan niyang puso na magmahal muli, hindi rin naman niya ito isinasara.

Isang araw nga, napilitan na si Valerie

na tanggapin ang meetup na alok ni Julius. Hindi talaga niya kinakaya ang matinding stress na lumulunod sa kanya sa bahay, kaya naghanap siya ng mapagbabalingan ng oras at atensyon.

Hindi niya akalaing magiging masaya at komportable siya sa lakad nila ni Julius. Simpleng gala lang naman ang ginawa nila. Kumain lang sila sa isang restaurant, naglibot sa loob ng mall at tumambay sa seaside habang tinatanaw ang payapang alon ng dagat.

Marami silang napag-usapan at halos hindi mapatid ang kanilang kuwentuhan. Isang araw pa lang niyang nakakasama ang lalaki nang ganito kahaba pero labis-labis nang kaginhawaan ang namayani sa loob niya.

Lagi naman silang magkasama nang walong oras sa trabaho pero iba pa rin ang araw na ito kung saan tila solo nila ang mundo. Ngayon lang din niya panandaliang nakalimutan ang bagay na umaalipin sa kanya sa rehas ng kalungkutan.

“I understand your pain, Val. It’s okay, don’t force yourself kung hindi mo pa kayang sabihin sa akin. Basta nandito lang lagi ako para sa ’yo. I’m always ready to listen

whenever you're ready."

Napangiti siya. "Salamat, Juls. Salamat talaga!"

Umakbay pa ito sa balikat niya na nagbigay ng kakaibang pakiramdam sa kanya.

Tatlong linggo lang ang nagdaan, nagtapat na nga ng pag-ibig sa kanya si Julius na agad naman niyang sinagot. Ewan ba niya kung bakit ganoon na lang kabilis ang pagtanggap niya sa lalaki.

Kung dahil ba sa napakatamis na pagmamahal na ipinapakita nito, o dahil naghahanap siya ng tao na gagawing lunas para sa sugatan niyang puso.

Kung anuman ang dahilan, iisa lang ang alam ni Valerie. Mahal na rin niya ang lalaki at nais niya itong bigyan ng pagkakataon sa kanyang puso. Ilang beses na siyang nabigo sa pag-ibig. Umaasa siyang hindi mangyayari kay Julius ang sinapit ng mga naunang nobyo niya.

Ito na lang ang nakikita niyang paraan para tuluyang makalimot sa nangyari sa huling lalaki na minahal niya.

Sampung minuto na lang ang natitira bago ang out ni Valerie. Dahil hindi na

makapaghintay, napilitan siyang magpabalik-balik sa banyo para mapabilis ang takbo ng oras.

Ito na ang ikalimang beses niyang paglabas sa kanilang opisina. Bago pa siya makarating sa comfort room, narinig agad niya ang boses ni Julius na tila may kausap na mga babae sa kabilang hallway. Katawanan pa nito ang mga iyon.

Nakilala agad niya ang boses ng dalawang babae na kausap nito. Mga kasamahan din niya iyon sa opisina, sina Eva at Nattie na pareho niyang hindi ka-close.

"So, ano nga ang nangyari after that?" tanong ni Nattie sa maharot na tinig.

"Gulat nga ako, eh! Bigla ba naman akong sinagot agad! Ang dali niyang nahulog sa akin!"

Kasunod niyon ang malakas na tawanan ng dalawang babae.

Hindi makapaniwala si Valerie sa mga narinig. Parang muling dinurog ang puso niya na nagsisimula pa lang sanang maghilom.

"Basta ituloy mo lang ang gimmick, ah?" saad ni Eva. "Kailangan mong mapaibig at makuha ang tiwala ni Valerie para makahanap tayo ng butas sa kanya. Gagamitin natin 'yon para masira natin siya kay Boss. Hindi ko

hahayaang maging masaya ang babaeng 'yan sa promotion niya! Tayo ang mas matagal na rito! Tayo ang mas deserving kaysa sa nerdy introvert na 'yon!"

Hindi kasi tanggap ni Eva na isa si Valerie sa mga na-promote bilang bagong manager sa kanilang department. Ito ang pinakabatang napabilang doon. Ini-expect nila na isa sa kanilang tatlo ang makukuha dahil sila ang may pinakamahahahabang experience sa kompanya.

Parang isang malaking sampal sa kanilang tatlo na mas pinili kesa sa kanila ang isang empleyado na ni hindi pa nakakatatlong taon para humawak ng mas mataas na posisyon.

"Sure, ladies! Hindi ko hahayaang malagpasan tayo ni Valerie. We're going to snatch that top spot from her!" confident namang sagot ni Julius. Ibang-iba ang boses nito ngayon kumpara sa napakalambing na tinig kapag kausap siya.

Hindi na tinapos ni Valerie ang usapan ng tatlo. Umalis siya sa pinakatahimik na paraan at nagbalik sa opisina niya.

Hindi na niya hinintay pa ang pagpatak ng alas cinco. Nag-out na agad siya at nagpaalam sa boss niya.

Ilang beses sumakit ang tiyan niya habang

nasa biyahe siya. Tuwing makakaramdam siya ng ganito, hindi puso ang sumasakit sa kanya kundi ang tiyan.

Luhaan na naman siya pagkauwi sa bahay. Halos malabhan na ng luha ang unan niya sa dami ng inilalabas ng mugto niyang mga mata.

Hindi na siya pumasok sa trabaho mula noon. Palagi na lang siyang nagkukulong sa kuwarto, hindi dahil sa muling pagkadurog ng kanyang puso, kundi dahil sa panunumbalik ng sakit niya sa tiyan.

Araw-araw na naman siyang nahihilo, nanghihina, sinusumpong, at dinadapuan ng kung anu-anong sintomas na karaniwang nararanasan ng mga buntis. Bukod pa rito ang hindi maipaliwanag na pagsakit ng kanyang tiyan na para bang may namumuo roon sa napakabilis na panahon.

Makalipas lang ang ilang linggo, lumobo na ang tiyan niya na parang isang ganap na buntis. Palaging ganito ang nangyayari sa kanya tuwing nasasawi siya sa pag-ibig.

Isang sumpa iyon na hindi na mawala-wala sa angkan nila at dadalhin nila iyon hanggang sa dulo ng kanilang buhay.

Tuwing may lalaking nananakit sa kanya at nakakadurog sa kanyang puso, kusang

nagbubuntis ang kanyang tiyan at nagluluwal ng halimaw na siyang magpapataw ng pinakamalagim na parusa sa lalaking iyon.

Hindi na mabilang ni Valerie kung ilang beses na siyang nabigo sa pag-ibig, at kung gaano na rin karami ang lalaking nasawi dahil sa sumpa ng kanyang tiyan.

Ang paraan ng pagpatay ng halimaw mula sa kanyang sinapupunan ay nakadepende kung paano siya niloko o sinaktan ng mga lalaking dumaan sa buhay niya.

Ang dati niyang nobyo na si Jayvee ay nakipagtalik sa ibang babae kaya pinatay ito ng sanggol sa pamamagitan ng pagputol sa pagkalalaki nito.

Ang pinakahuli naman niyang nobyo na si Levi, kung kani-kaninong babae tumitingin, kung anu-ano ang nakikita nito na palaging ikinukumpara sa mga kakulangan niya. Kaya pinatay ito sa pamamagitan ng pagdukot sa mga mata nito.

At pagkaraan lang ng isang buwan, isinilang na nga ni Valerie ang panibagong halimaw na nabuo sa kanyang sinapupunan dahil sa mapagkunwaring dila ni Julius.

Puting-puti ang balat nito, may makakapal na ugat, pula ang mga mata, tadtad ng matatalim na pangil at kasing-haba

ng karayom ang matutulis na kuko.

Kusa itong lumabas at gumapang pababa ng kama. Umiiyak pa ito habang may tila pagngasab na sumasabay sa lalamunan nito.

Halos tumirik ang mga mata ni Valerie matapos manganak. Sa tindi ng mga nangyari ay hindi niya kinaya at nahimatay na naman siya.

Noong araw ring iyon, napilitan si Julius na puntahan ang bahay ni Valerie. Isang buwan na kasi itong hindi pumapasok sa trabaho. Halos araw-araw din nila itong tinatawagan, pero hindi naman sumasagot. Nag-aalala na rito ang boss nila.

Ito na sana ang pagkakataon nila para maagaw ang isa sa mga managerial positions. Ngunit dahil masyadong mahal ng kanilang boss si Valerie, halos ayaw pa itong bitiwan ng matanda kahit isang buwan na itong absent. Ayaw pa rin nitong ibigay sa iba ang posisyon ng babae na nanganganib nang mabakante.

Kaya si Julius na ang nagpunta rito para malaman kung ano ang dahilan ng isang buwan nitong pagliban sa trabaho. Siyempre kunwari concerned siya sa kanyang 'nobya' pero ang totoo, nais lang niyang makasiguro

na may hindi magandang nangyayari sa babae para tuluyan na itong matanggal.

Kumatok si Julius sa pinto pero walang sumasagot. Hanggang sa ma-realize niyang bukas ang seradura ng pinto.

Tumuloy na siya sa loob at luminga-linga sa paligid. Napansin niyang tila matagal nang hindi nalilinisan ang bahay. Bukod sa gulo-gulong kagamitan ay halos maubo rin siya sa kapal ng alikabok na kumapit na yata sa paligid.

Ano kaya ang nangyari kay Valerie at iniwanan na lang nito nang ganoon ang sariling bahay? Walang babae na hahayaang maging ganito karumi ang tahanan nito.

“Val?” Sinubukan na niyang tawagin ang babae. Pero wala pa ring sumasagot.

Hanggang sa madaanan niya ang isang hagdan patungo sa ikalawang palapag. Narinig niyang may pinto na lumagitik doon.

Naisipan niyang akyatin para malaman kung may tao roon. Ngunit bago pa niya maihakbang sa unang baitang ang mga paa, nakakita na siya ng maliit na nilalang na gumagapang.

Namilog sa gulat ang mga mata ni Julius nang masilayan ang isang sanggol na puting-puti ang katawan at may mabalasik na anyo.

Napaatras siya.

Ngunit bago pa siya makalikha ng aksyon, bigla itong gumapang nang pagkabilis-bilis. Hindi na niya naproseso ang pagkilos nito. Napasigaw na lang ang binata nang makitang nakahawak na ito sa kaliwang binti niya.

Sinubukan niya itong itaboy ngunit lalo pang humigpit ang kapit ng halimaw. Tuluyang bumagsak ang katawan niya sa tindi ng sakit na naramdaman matapos bumaon ang mga kuko nito kahit makapal na ang suot niyang pantalon.

Tuwing sinusubukan ni Julius na hawakan ito at itaboy palayo, lalo pang humihigpit ang pagbaon ng mga kuko nito na halos magpapatid na sa hininga niya.

Humandusay na lang siya sa sahig habang namimilipit sa sakit. Lalo siyang nangilabot nang maramdamang nakaakyat na ito sa may mukha niya. Mabilis na ipinasok ng halimaw ang kamay nito sa kanyang bibig.

Kasunod niyon ang mas malakas na sigaw na kumawala sa lalamunan niya. Tumirik ang dalawa niyang mata matapos putulin ng sanggol ang kanyang dila!

Nangisay ang buong katawan ni Julius, daig pa ang kinuryente ng libu-libong boltahe. Patuloy siyang tumili habang umaapaw ang

sariwang dugo mula sa kanyang bibig.

Patuloy naman siyang kinalmot-kalmot ng sanggol hanggang sa sinukuan na siya ng sariling paghinga.

Pagkatapos bawian ng buhay si Julius, nagsimulang maagnas ang sanggol na nakapatong sa leeg nito. Wala na rin itong buhay. Oras na mapatay ng halimaw ang lalaking dahilan ng pagkasilang nito, awtomatiko na rin itong babawian ng buhay.

Pagkaraan ng kalahating oras, kalansay na lang ang natira sa sanggol. Ang bangkay naman ni Julius ay nakahandusay lang habang nagkalat sa sahig ang dugo na galing sa nakabuka nitong bibig.

# DAMBUHALANG LAGIM

"Wala na bang may pera sa inyo?" lango na ang boses na tanong ni Loonie habang dumudukot ng pera sa bulsa. "Naku! Eh, wala na rin pala akong pera, eh! Paano na 'yan?"

Nakakadalawang case pa lang sila kaya bitin na bitin sa inuman ang apat. Nais man nilang pahabain pa ang kanilang session ay pare-pareho nang butas ang mga bulsa nila.

"Hindi na bale! Buti na lang, naalala ko. Tirahin na lang natin 'yung alak na binigay sa 'kin ng pinsan ko." Tumayo mula sa kinauupuan si Donnel at pasuray-suray na pumasok sa loob ng bahay.

"Ang gagaling n'yo talaga, 'no? Pupunta-punta kayo rito wala naman pala kayong pang-ambag! Sa susunod, magpatupad na tayo ng batas na bawal nang sumama sa session ang mga walang pera!" lango na rin ang boses na sermon ni Armon sa mga kasama.

Sa kanya kasi galing ang pera na pinambili sa dalawang case ng beer kanina. Kahit gipit sa buhay, hindi niya nakakalimutang maglaan ng budget para sa mga emergency inuman sessions na gaya nito.

"Sayang nga lang kasi hindi na natin kasama si Pareng Magnus," pakli ni Ram, ang pinakamatibay sa kanila at hindi agad nalalasing kaya tuwid pa ang boses.

Apat na lang sila ngayon na magkakasama sa inuman. Wala na ang kaibigan nilang si Magnus na mag-iisang taon na sa mental hospital matapos masiraan ng ulo sa hindi malamang dahilan.

"Sh*t, oo nga, eh! Nakakapanghinayang talaga!" sagot ni Armon sabay tungga ng huling laman ng bote niya.

Labis silang nasasayangan sa sinapit ng kanilang kaibigan. Sa kanilang lima kasi, si Magnus ang pinaka-nakaaangat sa buhay.

Isa itong magaling na pintor at mas malakas pang kumita ang lalaki sa mga

commission nito kaysa sa minimum wage na mga sahod nila.

Kaya naman ganoon na lang ang panghihinayang nila sa nangyari. Ang huling balita nila, nagwala raw si Magnus sa loob ng isang museum at nagbasag ng mamahaling gamit doon. Nakasugat pa raw ito ng mga empleyado na naging dahilan ng pagkakakulong nito.

Hindi roon nagtapos ang malagim na kapalaran ng kaibigan. Mas lalo pa raw lumala ang kalagayan nito habang nasa kulungan. Umabot sa puntong nakapanakit na rin ito ng mga kapwa preso at isang pulis.

Kaya sa huli, inilipat na ito sa mental hospital upang mas matutukan ang kalagayan.

“Heto ’yung sinasabi ko sa inyo, mga p’re!” biglang pakli ni Donnel. Halos matisod pa ito sa paglalakad pabalik sa puwesto nito.

Inilapag nito sa mesa ang alak na may tatak na Devil’s Breath. Isa raw ito sa pinakamatatapang na alak na nagmula sa Russia. Pinadala ito ng pinsan ni Donnel na nasa US.

“Hindi ko pa natitikman ’to, eh. Ni-reserve ko talaga ’to para sa session natin. Pero s’abi ni Insan masarap daw talaga ’to at matapang!”

“Gaano ba katapang ’yan? Mapapatumba ba natin si Mayweather d’yan?” natatawang biro ni Loonie, tinutukoy ang paborito nitong boksingero.

Nasa isang malaki at bilog na bote ang alak. Sa packaging at disenyo pa lang, halatang mamahalin na iyon.

Isa-isang tinagayan ni Donnel ang mga barkada bago naglagay sa sariling baso. Si Armon naman ang unang tumikim. Nagulat siya; mamahalin din ang lasa niyon. Medyo mainit lang sa dila pero masarap sa pakiramdam.

“Gago! Ang tapang nga!” komento niya saka itinaas pa ang baso.

Sabay-sabay na ring tumikim ang iba. Lahat sila ay nagustuhan ang pinaghalong tapang at sarap nito. Balanse ang pait at tamis na may halong kakaibang aroma na napakasarap sa bibig at ilong.

“Kaso isang bote lang ito, pare! Mabibitin tayo!” asik ni Loonie pagkatapos tumungga sa baso nito.

“Oo nga. Mukhang mapapaiksi lang ang session natin ngayon, ah!” singit uli ni Armon at muli pang tumungga.

Hindi na inabot ng isang oras ang alak. Naubos agad nila ito sa lakas nilang uminom.

Kuwentuhan na lang nila ang medyo napahaba.

Pero di-nagtagal ay nagkasukahan na hanggang sa magkayayaan na rin silang umuwi. Bago mag-alas diez, kailangang tapos na sila upang hindi mahuli ng mga tanod.

Mag-isa na lang si Armon sa kanyang pag-uwi. Siya kasi ang may pinakamalapit na bahay kaya nilakad na lang niya ang madilim at tahimik na kalsada.

Sina Loonie at Ram naman ay napilitan nang sumakay ng tricycle para lang makarating sa bayan kung saan sila sasakay ng bus pauwi.

Naisipang pumito ni Armon habang pasuray-suray sa daan. Hanggang sa pumukaw sa atensyon niya ang kakaibang ingay sa kanyang paligid. Kasabay niyon ang bahagyang pag-uga ng daang tinatahak niya.

Iginala ni Armon ang paningin sa paligid para hanapin ang ingay. Ganoon na lang ang pamimilog ng mga mata niya nang makakita siya ng higanteng kabayo na naglalakad sa gitna ng damuhan sa bandang kaliwa niya.

Halos abot hanggang langit ang laki nito. Mabalasik ang hitsura ng kabayo, bungo lang ang ulo at may mga galamay pang gumagalaw na nakapalibot sa buong leeg nito!

Nawala ang kalasingan ni Armon sa nakita. Nang maligaw sa kinaroroonan niya ang mata ng halimaw na kabayo, awtomatiko siyang kumaripas ng takbo.

Bigla ring bumilis ang mga hakbang ng dambuhalang kabayo na lalong nagpayanig sa paligid. Tila hinahabol siya! Halos lumipad na ang mga paa ni Armon sa bilis ng kanyang takbo.

Lalo siyang nangilabot nang makakita ng dambuhalang mga aso sa kabilang panig ng kanto. Ito ang mga asong gala na karaniwan niyang nakakasalubong sa gabi. Pero sa mga oras na iyon, lagpas na sa mga gusali ang laki ng mga ito!

Sunud-sunod na tahol ang pinakawalan ng mga aso nang makita siya. Halos malaglag ang puso niya nang mag-unahan ang mga ito palapit sa kanya. Pumaiba siya ng direksyon at sinadyang itago ang sarili sa matataas na damo.

Isa pa naman ang mga aso at kabayo sa mga alam niyang hayop na napakabilis tumakbo. Kung hindi lang malawak ang lugar nila at walang maraming pasikut-sikot, baka kanina pa siya nahabol ng mga ito.

Nang medyo humina ang pagyanig pati ang ingay na nililikha ng mga ito, doon pa

lang nakasigurado si Armon na malayu-layo na ang distansya niya sa panganib.

Pero nang maligaw ang mga mata niya sa isang bahay sa di-kalayuan, isang dambuhalang pusa naman ang bumungad sa kanya. Nasa taas ito ng bubong at nakalabas ang mga pangil. Pulang-pula ang mga mata nito at tila gutom na gutom habang tila nilalamon siya sa napakatalim nitong titig.

Nang magpakawala ito ng napakalakas at nakaririnding ungol, napilitan na siyang basagin ang bintana ng isang abandonadong gusali at doon pumasok. Dali-dali siyang lumabas sa bandang likuran at doon ipinagpatuloy ang pagtakbo.

Kung hindi dahil sa adrenaline, baka kanina pa nahimatay si Armon sa daan at nagkaroon na ng pagkakataon ang mga dambuhalang halimaw na malapa ang katawan niya.

Tumakbo lang siya nang tumakbo hanggang makarating sa kabilang barangay. Akala niya, matatahimik na ang mundo niya dahil wala na siyang naririnig na mga higanteng hayop sa paligid.

Noon naman siya nakarinig ng tila malalalim na paghinga. Dahan-dahan siyang nag-angat ng ulo. Tumambad sa harapan

niya ang matataas na puno sa paligid na may kasuklam-suklam na mukha! Gumagalaw pa ang sanga ng mga ito habang nanlilisik ang mga mata sa kinaroroonan niya!

Muli siyang kumaripas ng takbo ngunit hindi nagtagal ay natumba rin siya nang may mapansin sa langit. Laksa-laksang kilabot ang umakyat sa kanyang sistema nang makita ang planetang Jupiter na papalapit na sa mundo! Palaki ito nang palaki sa paningin niya hanggang sa masakop na nito ang buong kalangitan!

Kitang-kita na rin ni Armon sa paligid ang epekto ng nalalapit na pagbangga ng gas giant sa mundong ginagalawan niya.

Bukod sa unti-unti na nitong sinisira ang atmospera ng mundo, nararamdaman na rin niya ang napakalakas nitong magnetic field na naghahatid ng matinding radiation sickness sa kanya.

Nagsimulang umikot ang kanyang paningin, bumaligtad ang sikmura, at nakaramdam siya ng pagkahilo, panginginig, pagkombulsyon at iba pang epekto ng matinding radiation!

Nasa balintataw na niya ang unti-unting pagkawasak ng mundo habang lalo pang sinasakop ng Jupiter ang kalangitan.

Nagdulot na rin ito ng matitinding pagkidlat at pagkabutas ng mga lupa.

Sunud-sunod na rin ang pagbagsak ng mga bulalakaw na dala-dala ng higanteng planeta. Bukod pa ang dulot nitong tidal heating na nagpagising sa lahat ng mga bulkan.

Kasabay niyon ang paglitaw ng iba pang mga dambuhalang nilalang sa paligid niya. Mga dambuhalang gagamba, alakdan, alupihan at praying mantis! Lahat sila ay papalapit sa direksyon ni Armon!

Sa sobrang takot, hindi na siya nakatayo. Hindi na rin siya nakasigaw pa. Napapikit na lang si Armon at tinanggap na ang kanyang kapalaran. Ganap na ring nagdilim ang paningin niya bago pa niya maiproseso sa utak ang mga sumunod na kaganapan.

Kasunod niyon ang tuluyang pagbangga ng Jupiter sa Earth na nagdulot ng matinding pagyanig at pagsabog sa buong mundo!

Gulat na gulat ang mga kasama ni Armon sa bahay nang bigla na lang siyang magsisigaw at magwala sa kama niya.

Tagaktak ng pawis ang buo niyang katawan nang maimulat ang mga mata. Doon

lang niya napagtanto na isang panaginip lang pala ang lahat. Isang napakasamang panaginip.

"Ano ba'ng nangyari sa 'yo, Armon? Tinakot mo kami!" sigaw ng kanyang ama.

"Saan ka ba kasi galing kagabi? S'abi ko naman sa 'yo, huwag kang magpapagabi sa alak! Ayan ang napapala mo! Kung wala pang nakakita sa 'yo, hindi ka namin mauuwi rito!" sermon naman sa kanya ng nanay niya.

"A-ano po ba ang nangyari?" matamlay ang boses na tanong niya. Panay rin ang paglunok niya dahil parang natuyuan siya ng lalamunan.

May nakakita raw sa kanya nang nakaraang gabi na tumatakbo at sumisigaw mag-isa sa gitna nang daan. Kung saan-saan daw siya nakarating. Sinubukan daw siyang habulin para tulungan pero lalo lang daw siyang nagtatakbo na parang hinahabol ng aso.

Hanggang sa bigla na lang daw siyang natumba malapit sa kabilang barangay at ilang minuto raw nakatingin sa langit bago unti-unting hinimatay.

Ayon sa mga residenteng sumunod sa kanya, parang may nakikita raw siya na hindi nila nakikita. Tila iba ang tingin niya sa

paligid nang mga oras na iyon.

Doon na-realize ni Armon na ang mga higanteng hayop na nakita niya sa paligid ay ang mga tao pala na nakasalubong niya sa daan. Ibig sabihin, hindi panaginip ang nangyari nang nakaraang gabi, pero hindi rin niya alam kung ano ang ibig sabihin niyon.

“Uminom ka na naman siguro nang walang kain kagabi, ano? Magpahinga ka muna d’yan at titingnan ko lang ’yung niluluto ko. Tapos, kumain ka na rin agad para magkalaman ’yang tiyan mo!” sermon pa ng nanay niya bago ito lumabas ng silid. Sumunod din dito ang kanyang ama.

Napabuga si Armon ng malalim na paghinga saka hinagod ang ulo gamit ang dalawang kamay. Hindi pala panaginip ang nangyari. Tunay ngang gising pa siya at nasa labas pa nang mangyari ang tila pag-iiba ng paningin niya sa paligid.

Ang hindi lang niya maunawaan ay kung bakit naging ganoon ang paningin niya. Ano kaya ang nais nitong ipahiwatig?

Hanggang sa bigla siyang may maalala. Hindi siya sigurado kung may kinalaman ba iyon. Pero agad niyang kinuha ang cellphone at binuksan ang group chat nilang magbabarkada para sabihin ang nangyari sa

kanya.

Magtatanong pa lang sana siya nang bumungad sa kanya ang conversation ng mga ito ngayong umaga lang.

Pinag-uusapan ng tatlo ang tungkol sa alak na ininom nila kagabi—ang Devil's Breath. Suspetsa ni Donnel, baka ito raw ang may gawa niyon sa kanila.

Pagkapasok kasi nito sa bahay nang gabing iyon, bigla na lang daw itong nakakita ng higanteng mga rebulto na isa-isang nagbagsakan sa paligid nito. Winasak pa raw ng mga rebultong iyon ang bahay nito. Nasilayan din daw nito ang buwan sa napakalaking anyo na parang ang lapit sa mundo habang ginagapangan ng dambuhalang gagamba!

Maging sina Ram at Loonie ay nakaranas din ng mga kakatwang pangyayari habang nakasakay sa bus. Lahat daw ng mga sasakyang nadaanan nila ay biglang lumaki at naging higante.

Hanggang sa magkabanggaan daw ang mga ito at lumikha ng napakalaking delubyo sa daan. Naging mala-*Final Destination* ang pangyayari sa paligid. Sunud-sunod ang pagliparan ng mga dambuhalang sasakyan hanggang pati ang bus na sinasakyan nila ay lumipad na rin!

"Pucha, mga p're! Kung alam ko lang na ganito pala katapang 'yung alak na binigay ni Insan, hindi ko na lang sana tinanggap 'yon! Lintik na 'yan! Kaya pala gustung-gusto niya na inumin ko ito mag-isa! Ganito pala ang epekto nito! Hayop talaga ang Joey na 'yon!"

Gulat na gulat si Armon sa mga nabasa. Hindi lang pala siya ang dinalaw ng kakatwang ilusyon nang nakaraang gabi, kundi pati ang mga barkada niya.

Mukhang may kinalaman nga sa nangyari iyong alak na ininom nila. Ayon pa raw sa pinsan ni Donnel, may kakaibang epekto raw sa tao ang alak na iyon kapag nalasing. Nagbibigay raw iyon ng isang napakalaking experience.

Hindi nila akalaing ganoon pala ang experience na tinutukoy nito. Literal na nakapagpapalaki ng mga nilalang sa paligid!

Walang nakakaalam kung saan gawa ang mga sangkap ng alak na ito. Ang alam lang nila ay galing ito sa Russia, sa isa sa mga major exporter ng pinakamatatapang na alcoholic beverages sa mundo.

Napaisip si Armon.

Kung gayon, tunay ngang matapang ang Devil's Breath na iyon! Sa sobrang tapang, hindi na pagkalasing ang idinudulot niyon,

kundi mga ilusyon na mas matindi pa sa mga bangungot!

Sa ibang bansa naman, tuluyang pinaban sa lahat ng merkado ang pagbenta sa Devil's Breath matapos matuklasan ang kakaiba nitong epekto sa tao.

Lahat ng taong nalalasing sa alak na ito ay tinatamaan ng Megalophobia, isang uri ng anxiety disorder kung saan nakakaranas ng matinding takot sa dambuhalang mga bagay, lugar, at hayop ang biktima.

Bukod sa matinding takot na mararamdaman kapag napalapit sa malalaking bagay, maaari ding maging dambuhala sa paningin ng biktima ang mga lugar, hayop, at iba pang bagay sa paligid!